HEROES

DISCOVER . UNDERSTAND . APPLY

# Bible Study:
## Filipos 2:25-30

## Small Group Session
## Nobyembre 7, 2021

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

# Filipos 2:25-30

TAKE-HOME PRINCIPLE



**Pagtutuklas**
na mga Tanong



**Pag-uunawang**
mga Tanong



**Pagtugon**

# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

25 Inisip kong kailangan
nang papuntahin diyan
ang ating kapatid na si
Epafrodito, na aking
kamanggagawa at kapwa
kawal ng Diyos na isinugo
ninyo upang magdala ng
inyong kaloob, at upang
makatulong sa akin.



# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

26 Sabik na sabik na siya sa inyong lahat. Nag-aalala siya dahil nabalitaan ninyong nagkasakit siya.



# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

27 Totoong siya'y nagkasakit at muntik nang mamatay. Subalit kinahahabagan siya ng Diyos, at hindi lamang siya kundi pati ako, upang huwag nang madagdagan pa ang aking kalungkutan.



# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

28 Kaya nga, nais kong
makapunta na siya riyan
sapagkat alam kong
matutuwa kayong makita
siyang muli. Sa gayon,
mawawala na ang aking
kalungkutan.



# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

29 Kaya, tanggapin ninyo
siya nang buong galak
bilang isang tunay na
lingkod ng Panginoon.
Igalang ninyo ang mga
taong tulad niya.



# Filipos 2:25-30

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

30 Sapagkat muntik na
siyang namatay alang-
alang sa gawain para kay
Cristo; itinaya niya ang
kanyang buhay sa
paglilingkod sa akin
upang mapunuan ang
hindi ninyo kayang
gampanan.



# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

Tutularan at pararangalan ko ang mga nagmodelo ng pagiging katulad ni Kristo na naglingkod sa mga gawain ng labis-labis.

# Pagtutuklas na mga Tanong

Filipos 2:25-30

#1

Sino si Epafrodito?



# Pagtutuklas na mga Tanong

Filipos 2:25-30

#2

Anong nangyari kay Epafrodito? Bakit siya pinabalik ni Pablo sa Filipo?



# Pagtutuklas na mga Tanong

Filipos 2:25-30

## #3

Ano ang tagubilin ni Pablo sa mga kapatiran sa Filipo tungkol sa pagbabalik ni Epafrodito?



# Pag-uunawang mga Tanong

Filipos 2:25-30

#1

Ano sa palagay ninyo ang dahilan ng simbahan sa Filipo kung bakit sila nagpadala ng taong makatutulong kay Pablo? Ano ang sitwasyon ni Pablo noong sinulat niya ang liham para sa mga taga-Filipo?



# Pag-uunawang mga Tanong

Filipos 2:25-30

## #2

Sa palagay ninyo, bakit maganda ang sinasabi ni Pablo patungkol kay Epafrodito? Anong pinapahalagahan at ipinagpapasalamat ni Pablo tungkol sa kanya?



# Pagtugon

Filipos 2:25-30

## #1

Ano ang pinakanangusap sa inyo sa katangian o karakter niya? Paano ninyo tutularan ang kanyang halimbawa sa inyong buhay?



# Pagtugon

Filipos 2:25-30

## #2

Ayon kay Pablo, ang mga tulad ni Epafrodito ay nararapat na bigyan ng parangal o paggalang. Mayroon bang tulad niya sa simbahan o sa inyong pamayanan?  Mag-isip ng paraan paano sila mapararangalan.



# Pagtugon

Filipos 2:25-30

## #3

Sa pagsunod o pag-gaya sa halimbawa ni Epafrodito, mayroon ba kayong naiisip na taong nangangailangan ng pagkalinga? Subalit kakayanin kaya kung may sakripisyong hinihingi ang pagtugon at kailangang iwan ang komportableng buhay? Anong palagay at damdamin ninyo dito? [Kung sabik maglingkod o tumulong, kung gayon ay purihin ang Diyos! Kung nag-aalinlangan pa, yun ay ipagdadasal pa.]



# Filipos 2:25-30

TAKE-HOME PRINCIPLE



**Discovery**
Questions



**Understanding**
Questions



**Application**
Questions

# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

"Tutularan at pararangalan ko ang mga nagmodelo ng pagiging katulad ni Kristo na naglingkod sa mga gawain ng labis-labis."

Small Group Session

# Pangwakas Na Panalangin

HEROES

DISCOVER . UNDERSTAND . APPLY

# Bible Study:

## Filipos 2:25-30

## Small Group Session

## See you next week!

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584